JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhawahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 6

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikatlong Markahan - Modyul 1
## Napapahalagahan ang Magaling at Matagumpay na mga Pilipino



Pangalan ng Mag-aaral: ______________________________

Baitang at Seksyon: ______________________________

Paaralan: ______________________________



## Alamin

Magandang araw mag-aaral!

Alam mo ba na may ilang mga Pilipino na naging tanyag o kilala sa bansa o sa buong mundo dahil sa kanilang angking talino, talento o kahusayan na nagbibigay dangal sa ating bansa? Ikaw ba ay may nakilalang natatanging Pilipino na hinahangaan mo?

Ang pagiging isang natatanging Pilipino ay makikita sa katangian, pagsisikap at tiyaga ng isang tao upang makamit niya ang kanyang minimithi sa buhay upang maging matagumpay. Sila ay maging modelo natin na dapat nating maging inspirasyon sa buhay.

Tunay na katangi-tangi ang maraming Pilipino at dapat lang na sila ay ating hangaan at gawing modelo ng kung ano ang gusto nating marating sa buhay.

Ikaw ba bilang isang batang Pilipino ay may ginagawa na para maging isang salamin o modelo sa kapwa bata mo?

Sa modyul na ito, iyong matutunan ang kahalahagaan sa pagiging matagumpay na Pilipino.

Layunin ng modyul na ito ang gabayan kayo sa pagkamit ng kasanayang ito, ang mapapahalagahan ang magaling at matagumpay na mga Pilipino sa pamamagitan ng:

1. pagmomodelo ng kanilang pagtatagumpay.
2. kuwento ng kanilang pagsasakripisyo at pagbibigay ng sarili para sa bayan (**EsP6PPP-IIIc-d-35)**



## Subukin

Bilang panimulang gawain, simulan ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagtugon sa hinihingi sa bahaging ito. Basahin ang mga sumusunod na pangungusap at isulat ang salitang **Tama** kung ito ay nagpapakita ng pagiging isang Pilipino at **Mali** kapag hindi ito nagpapakita ng isang pagka-Pilipino sa patlang.

_____1. Bibili ako ng bag na gawa ng Pinoy.

_____2. Mas gusto kung kumain ng mga pagkaing luto ng *Chinese* kaysa pagkaing Pinoy.

_____3. Magsasanay ako araw-araw para makuha ko ang gintong medalya.

_____4. Sasali ako sa mga patimpalak para mas lalo ko pang maipakita ang aking talento.

_____5. Mas gusto ko nang tumira sa ibang bansa. Hindi na ako uuwi.

| Lesson 1 | Napahahalagahan ang Magaling at Matagumpay na mga Pilipino |
|---|---|



## Balikan

Balikan natin ang ating mga katangian bilang isang Pilipino. Tayo ay kilala sa pagiging magalang, mabait, masipag, at matiyaga. Dahil dito, marami sa atin ngayon ay nagtatagumpay. Basahin ang sumusunod na halimbawa ng balita. Pansinin kung paano matiyagang nagtatrabaho at nagpapakita ng kahusayan at kasipagan sa paganap ang ilang Pilipino.

**KESZ VALDEZ, INTERNATIONAL PEACE PRIZE AWARDEE**

Si Kesz Valdez ang kauna-unahang taga-Timog Silangang Asya na tumanggap ng *International Children Peace Prize Award*. Mula sa isang mahirap na pamilya, nakilala niya si Harnin Manalaysay na nag-alaga at kumupkop sa kaniya matapos siyang maaksidente at masunog ang kamay.

Ngunit sa halip na panghinaan ng loob, nagsilbi itong inspirasyon kay Kesz. Unti-unti ay naisakatuparan niya ang kaniyang mga pangarap para sa mga katulad niya ring tumira sa lansangan at dumanas ng hirap.

Nang sumapit ang kaniyang ika-pitong kaarawan, mas pinili niyang siya ang magbigay. Tinawag niya ang kaniyang proyekto na "*Hope Gifts*." Ang laman ng kaniyang mga regalo ay mga gamit na panlinis sa katawan na makatutulong sa pag-iwas sa mga sakit. Nangako rin si Kesz na ang kaniyang napanalunan ay ibabahagi niya sa organisasyong kaniyang napili. Muli ay napatunayan na ang pagtulong sa kapwa ay kaya ring gawin ng mga batang tulad niya.

Sagutin ang sumusunod na tanong. Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Sino si Kesz Valdez?
   A. batang mapagbigay
   B. batang malungkutin
   C. batang masungit
   D. batang masinop

2. Ano ang tawag sa kanyang proyekto?
   A. *Gift of Love*
   B. *Hope Gifts*
   C. *Gift of Joy*
   D. *Pamaskong Regalo*

3. Bakit siya naging kakaiba sa mga batang kasing-edad niya?
   A. mahinang bata at madaling sumuko
   B. malakas ang loob at may pangarap sa buhay
   C. walang tiwala sa kanyang kakayahan
   D. umaasa sa ibang tao para magtagumpay

4. Ano ang laman sa mga regalo ni Kesz para sa mga bata?
   A. laruan
   B. damit
   C. gamit panlinis sa katawan
   D. bahay at lupa

5. Nararapat bang tularan si Kesz? Bakit?
   A. Opo, dahil siya ay isang batang mabait at may pangarap sa buhay na dapat nating tularan.
   B. Opo, dahil gusto kong magkaroon ng maraming pera.
   C. Opo, dahil siya ay isang batang walang pakialam sa buhay.
   D. Opo, dahil isa siyang hangal na bata.



## Tuklasin

Sa bahaging ito, mapag-aaralan mo kung paano mapapahalagahan ang magaling at matagumpay na mga Pilipino.

**Lea Salonga**

Si Maria Lea Carmen Imutan Salonga ay mas kilala bilang Lea Salonga. Ipinanganak siya noong Pebrero 22, 1971. Una siyang nakilala sa *The King and I* ng *Repertory Philippines* noong siya'y pitong taong

gulang pa lamang. Sa edad na sampung taon, inirekord ni Lea ang awiting *Small Voice*. Iyon ang naging simula ng kanyang karera bilang isa sa mga sikat na aktres at mang-aawit sa Pilipinas.

Nagsimula ang kanyang katanyagan sa ibang bansa noong siya ay napiling gumanap bilang Kim sa tagumpay na musikal na *Miss Saigon* noong 1989. Nagtamo siya ng mga gantimpala mula sa pinakarespetadong tagapaggawad ng parangal, at itinanghal bilang kauna-unahang Pilipina na nagkamit ng *Laurence Olivier Award*, *Tony Award*, *Drama Desk*, *Outer Critics Circle* at ang *Theatre World Award* para sa natatangi niyang pagganap bilang Kim. Noong 1993, si Lea ay gumanap bilang Eponine, isang batang ulila sa *Broadway Production* na *Les Miserables*. Ang tagumpay ni Lea sa Pilipinas at sa ibang bansa ang siyang nagbukas ng oportunidad sa iba pang artistang Pilipino upang makilala at kinalaunan ay nag-alay din ng karangalan sa ating bansa.

Sagutin ang sumusunod na tanong. (**2 puntos bawat aytem**)

1. Bakit isa si Lea Salonga sa itinuring na natatanging Pilipino? _______
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

2. Sa paanong paraan niya ibinahagi ang kanyang talento?
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________

3. Kung bibigyan ka ng pagkakataon, anong talento mo ang nais mong mapaunlad? _______________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________



## Suriin

Naipapakita ang kahusayan sa paglikha ng ilang mga Pilipino sa kanilang mahusay na paggawa sa larangan ng negosyo, sining, pamumuno, at pananaliksik. Sa pamamagitan ng angking galing, may mga natatanging Pilipino na kayang palaguin ang isang maliit na negosyo, maging isang mahusay na pintor o di kaya'y magaling na musikero. Mayroon naman na ang husay ay naipamamalas sa larangan ng politika at mayroon naman larangan ng agham nakikilala. Tunay na katangi-tangi ang maraming Pilipino kaya bigyan natin ng halaga ang kanilang mga ginawa sa pamamagitan ng pagsunod ng kanilang mga ginawang nakapag –bigay dangal sa atin mga Pilipino. Gawin natin silang salamin o modelo at dapat lang na sila ay ating hangaan kung ano ang gusto nating marating sa buhay.

Isang bagay lang ang sana'y huwag nating iaalis sa paghanga at pagtatangi sa isang tao: siya ay hindi perpekto at tulad nating lahat mayroon din siyang mga pagkukulang o kahinaan.



## Pagyamanin

### Gawain 1

Basahin at isulat ang salitang **Tama** kung wasto ang pangungusap at **Mali** kung hindi wasto.

_______1. Ang ating talento ay biyaya ng Diyos.
_______2. Maging mapanagutan. Dapat sa mabuti lamang gamitin ang ating mga talento.
_______3. Mas ginagamit ang talento, mas yayaman ito.
_______4. Gamitin para sa sarili lamang ang ating mga talento.
_______5. May parangal man o wala, gamitin ang talento para sa kapwa.

### Gawain 2

Bilang pagkilala sa iyong sarili, pumili ka ng iyong larawan na nagpapakita ng iyong talento at dikit ito sa loob ng kahon. Sa ibabang bahagi ng larawan, lagyan mo ito ng iyong pangalan. (**10 puntos**)

(Dito idikit ang larawan mo)

**Gawain 3**

Balikan ang mga natatanging Pilipino. Itala ang kanilang mga katangian at ang maaari mong magawa upang matularan sila. Itala rin ang pangalan ng tao kung kanino mo nais ibahagi ang iyong talento. (**15 puntos**)

| Katangian ng mga Tauhan | Gagawin Ko Upang Matularan Sila | Kanino Ko Ito Nais Ibahagi? |
|---|---|---|
| 1. ________________ | ____________________ | |
| 2. ________________ | ____________________ | |
| 3. ________________ | ____________________ | |
| 4. ________________ | ____________________ | |
| 5. ________________ | ____________________ | |



## Isaisip

Sumulat ng isang talata na binubuo ng lima o higit pang pangungusap na sumasagot sa tanong sa ibaba:

Bakit kailangang pahalagahan ang mga magaling at matagumpay na mga Pilipino? (**10 puntos**)

Rubrik ng Pagmamarka ng Isinulat na Talata

| Mga Batayan | Antas ng Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 4 | 3 |
| Nilalaman | Malinaw na naipahayag ang ideya sa isinulat na talata. Lahat ng pangungusap na ginamit ay malinaw. | Hindi masyadong malinaw ngunit may punto ang pahayag sa talata. 1 -2 sa mga pangungusap na ginamit ang hindi malinaw. | Malayo sa paksa ang naisulat na talata. |
| Organisasyon | Mahusay ang pagkasulat ng talata. Naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya. | Maayos ang pagkakasulat ng talata. | Hindi maayos ang pagkakasulat ng talata. Hindi naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga ideya. |



## Isagawa

Magsaliksik ng talambuhay ng dalawang kilalang tao sa pamayanan (bata man o matanda) na may naimbag sa ating bayan sa iba't ibang larangan. Sipiin ang balangkas sa puting papel at isulat ang mga detalye ng kanilang buhay.

TALAMBUHAY NG UNANG KILALANG TAO SA PAMAYANAN

A. Pangalan: ____________________________________________
   1. Kapanganakan
      a. Petsa: ____________________________________
      b. Lugar: ______________________________________
   2. Mga Magulang
      a. ____________________________________________
      b. ____________________________________________

B. Pag-aaral
   1. Elementarya: ________________________________________
   2. Sekundarya: ____________________________________________
   3. Kolehiyo: ______________________________________________

C. Mga Natamong Karangalan
   a. ____________________________________________
   b. ______________________________________________

D. Mga Nagawa sa Bayan
   a. ________________________________________________
   b. ________________________________________________

E. Mga Katangian
   a. ________________________________________________
   b. ________________________________________________

TALAMBUHAY NG PANGALAWANG KILALANG TAO SA PAMAYANAN

A. Pangalan: ______________________________________________

1. Kapanganakan
   a. Petsa: ______________________________________
   b. Lugar: ________________________________________
2. Mga Magulang
   a. ______________________________________________
   b. ______________________________________________

B. Pag-aaral

1. Elementarya: ________________________________________
2. Sekundarya: ______________________________________________
3. Kolehiyo: _______________________________________________

C. Mga Natamong Karangalan

a. ________________________________________________
b. _________________________________________________

D. Mga Nagawa sa Bayan

a. ___________________________________________________
b. ___________________________________________________

E. Mga Katangian

a. ___________________________________________________
b. ___________________________________________________



## Tayahin

A. Basahin ang pangungusap. Isulat ang **Tama** kung ang ipinahayag ay makatotohanan at **Mali** kung hindi sa patlang bago ang bilang.

_____ 1. Gamitin lagi ang talento sa lahat ng pagkakataon.

_____ 2. Ang mga talento ay maaaring mawala sa tao.

_____ 3. Dapat maging responsible sa paggamit ng angking talento.

_____ 4. Naibabahagi natin ang ating mga angking talento.

_____ 5. Hindi na kailangan pang linangin ang ating mga talento.

B. Tukuyin kung ang tauhan sa bawat bilang ay nararapat na gawing salamin o modelo sa mga tagumpay na kanilang nakamit sa buhay. Isulat ang **Oo o Hindi** sa patlang bago ang bilang.

_____ 1. Si Ben ay naging kampyon sa larangan ng pag awit sa aming bayan. Siya ay naging kilala, at dahil sa kasikatan, hindi na niya pinapansin ang kanyang mga kaibigan noon.

_____ 2. Naging matagumpay na negosyante ang pamilya nila Noreen dahil sa sipag at tiyaga.

_____ 3. Si Maria ay magaling sumayaw, tinuturuan niya ang kanyang mga kaibigan.

_____ 4. Si Benjie,isang batang lansangan,naging isang tanyag na abogado dahil kanyang kasipagan at talino.

_____ 5. Hindi ginagamot ng doktor ang maysakit kapag walang pambayad.



## Karagdagang Gawain

**Gawain 1**

Maraming magkakatulad na katangian ang mga Pilipino na naging susi sa kanilang pagtatagumpay. Punan ang mga kinakailangang datos sa tsart na nasa ibaba.

| Pangalan ng mga Pilipinong Naging Matagumpay sa Iba't Ibang Larangan | Katangian | Nakamit na Tagumpay |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |
| 5. | | |

**Gawain 2**

Gumawa ng isang kuwento tungkol sa isang natatanging Pilipino na dapat nating gawing salamin o modelo dahil sa kanyang mga nagawa na nagbigay dangal sa ating bansa.

Ang Isang Natatanging Pilipino

Rubrik sa Pagmamarka ng Isinulat na Kuwento

| Mga Batayan | Antas sa Pagmamarka | | |
|---|---|---|---|
| | 5 | 4 | 3 |
| 1. Nilalaman | Malinaw na naipahayag ang ideya sa isinulat na kuwento. Lahat ng pangungusap na ginamit ay malinaw | Hindi masyadong malinaw ang kwentong isinulat. 1 – 2 pangungusap na ginamit ang hindi malinaw | Malayo sa paksa ang isinulat na kuwento. |
| 2. Organisasyon | Mahusay ang pagkakasulat ng kuwento. Naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, May panimula, katawan at konklusyon. | Maayos ang pagkakasulat ng kuwento. 1 sa 3 bahagi ang hindi naipamalas nang wasto. | Hindi maayos ang pagkakasulat ng kuwento. Hindi naipamalas ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari. |
| 3. Kalinisan | Malinis na malinis ang pagkakasulat ng kuwento. | Malinis ngunit may isa hanggang tatlong burado sa pagkakasulat ng kuwento. | Marumi ang pagkakasulat ng kuwento. |
| 4. Kabuuang Epekto | Kagiliw-giliw basahin ang isinulat na kuwento. | Hindi masyadong kagiliw-giliw ang isinulat na kuwento. | Walang epekto kung babasahin ang isinulat na kuwento. |

## SUSI SA PAGWAWASTO

**Subukin**

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Mali

**Balikan**

1. A
2. B
3. B
4. C
5. A

**Tuklasin**

(Magkakaiba ang mga kasagutan ng mga mag-aaral)

**Pagyamanin**

**Gawain 1**

1. TAMA
2. TAMA
3. MALI
4. MALI
5. TAMA

**Gawain 2 at Gawain 3**

(Depende sa gawain at sagot ng bata)

**Tayahin**

| A | B |
|---|---|
| 1. TAMA | 1. Hindi |
| 2. MALI | 2. Oo |
| 3. TAMA | 3. Oo |
| 4. TAMA | 4. Oo |
| 5. TAMA | 5. Hindi |

## Sanggunian

### Batayang Aklat

Ylarde at Peralta "Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon 6", 2016, 80-87


### Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | **Belinda C. Marcaban**<br>*Teacher – I*, Balangasan Central Elementary School<br>City West District, Pagadian City Schools Division |
| **Tagasuri:** | **Metushela U. Salac**, *Master Teacher – I*<br>Dumagoc Elementary School<br>City South District, Pagadian City Schools Division |
| **Patnugot:** | **Jovita E. Dugenia**, *ESP Supervisor* |
| **Tagapamahala:** | **Danny V. Cordova, EdD, CESE**, *OIC – SDS*<br>**Maria Colleen L. Emoricha, EdD, CESE**, *OIC – ASDS*<br>**Matt Ranillo Singson, EdD, CESE**, *OIC – ASDS*<br>**Isagani B. Cabahug**, *SGOD Chief*<br>**Ma. Diosa Z. Peralta**, *CID Chief*<br>**Ma. Madelene P. Mituda**, *LRMDS Supervisor* |

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.